

## **Toolkit ng mga Tagapagbigay ng Telekomunikasyon sa Earthquake Warning California.**

Ang [California Governor's Office of Emergency Services \(Cal OES\)](#) ay nag-aanyaya sa mga taga-California at mga bisita na makisali sa kampanya ng maagang babala ng pagkakaalam sa lindol sa Earthquake Warning California na "Don't Get Caught Off Guard".

Ang mga lindol ay maaari at mangyayari sa buong California. Nagbibigay ng libreng tool ang Earthquake Warning para sa California — ang MyShake App, Android Earthquake Alerts, at Wireless Emergency Alerts (WEA) — para dagdagan ang kasalukuyang mga mapagkukunan at bigyan ang mga user ng ilang ekstrang sandali para magtago at babalaan ang iba bago ang lindol. lintindihin kung paano kilalanin ang mga alerto at kung ano ang gagawin kapag nakatatanggap ng kritikal na babala.

Maaaring humantong ang pagkasira ng mahahalagang serbisyo ng komunikasyon sa maiiwasang pagkawala ng buhay at pinsala sa pag-aari dahil sa mga pagkaantala at pagkakamali sa mga pagtugon sa emerhensya. Hinihimok ng Cal, EOS ang mga organisasyon ng telekomunikasyon na tulungang ikalat ang salita tungkol sa kahalagahan ng pagiging handa sa lidol, maintindihan ang mga kakayahan ng mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California, at malaman kung ano ang gagawin kapag lumabas ang babala ng lindol.

Upang makatanggap ng buwanang mga pag-update sa mga balita ng paghahanda sa lindol, mga pangyayari, teknolohiya, at ibang mga mapagkukunan, mag-sign up sa aming newsletter sa [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov).

Maaaring isaayos at i-share ang mga sumusunod na impormasyon sa mga customer, tagapagbigay, subcontractor, tauhan, at iba pa sa pamamagitan ng mga pahayagan, post sa social media, at mga email blast, Para sa katanungan mag-email sa [earthquakeinfo@caloes.ca.gov](mailto:earthquakeinfo@caloes.ca.gov).

### **Wika sa Newsletter**

*Ibahagi ang text sa ibaba sa pamamagitan ng email, mga newsletter, o sa ibang mga channel. Gawing pang-personal kung kinakailangan.*

**Alam Mo Ba?** Karamihan sa mga taga-California ay nagsabi na sila ay lubos o parang may kaalaman tungkol sa mga hakbang na kanilang magagawa upang maghanda sa natural na sakuna tulad ng lindol, ngunit ang 60% ay nananatiling lubos na nag-alala tungkol sa potensyal na resulta ng sakuna sa kanilang sambahayan. Upang

siguraduhin na ang mga taga-California ay handang-handa, ang California Office of Emergency Services (Cal OES) ay nagtatag kamakailan ng kampanya na “Don't Get Caught Off Guard” upang itaguyod ang kaalaman ng mga mapagkukunan ng babala ng kritikal na lindol na makukuhang walang bayad sa pamamagitan ng [Earthquake Warning California](#).

Ang kampanya ng Earthquake Warning California na “Don't Get Caught Off Guard” ay isang buong estado na pagsisikap na edukasyon upang matulungan ang publiko na matuto tungkol sa mga tool ng babala at mga mapagkukunan ng lindol. Ang Cal OES, sa pakikipagtulungan ng California Integrated Seismic Network Partners mula United States Geological Survey (USGS), University of California – Berkeley (UCB), California Institute of Technology (CalTech), at California Geological Survey (CGS) ay naglunsad ng pinakauna sa bansa na State Earthquake Early Warning System noong Oktubre 2019. Ang sistema ay gumagamit ng mga sensor sa paggalaw ng lupa at mga sensor sa mga smartphone upang masubaybayan ang lindol bago ito maramdaman ng mga tao at mag-iisyu ng mensaheng ShakeAlert® sa totoong oras upang sila ay makapagtago bago mangyari ang pagayanig. Ang babala ng lindol ay magbibigay ng karagdagang mga segundo sa pagliligtas ng buhay sa mga tao na Dumapa, Magtago, at Mag-antabay.

Ang mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California ay kabilang ang:

- Ang impormasyon tungkol sa pagbuo ng plano sa emerhensya
- Kung paano mapoprotektahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya bago, sa panahon at matapos ang lindol
- Ang Android Earthquake Alerts ay nabuo sa pakikipagsosyo ng Cal OES at USGS
- Ang MyShake App -- ay isang app ng smartphone na nabuo sa pakikipagsosyo ng Cal OES at UC Berkeley na makapagbigay sa mga user ng ilang mga segundo ng notipikasyon na ang pagyayanig ay halos mangyayari na
- Ang Wireless Emergency Alerts (WEA) -- ay libreng mga notipikasyon na inihatid sa mga cell phone sa mga sitwasyon ng emerhensya
- Ang impormasyon para sa telekomunikasyon at iba pang mga sektor na magplano para sa pagliligtas-buhay na pagkilos sa panahon ng alerto, tulad ng pagpapabagal ng sistema ng mass transit, pagtigil sa pag-andar ng kagamitan o pagdadala sa elevator sa emerhensyang paghinto
- Ang mga link ng California Integrated Seismic Network Partners para sa karagdagang impormasyong teknikal at sistema

Maaaring gumawa ng mga hakbang ang mga organisasyon ng telekomunikasyon para panatilihin ligtas ang kanilang sarili at ang komunidad sa pamamagitan ng pag-download ng MyShake App, siguraduhing naka-enable ang WEA sa kanilang mobile device, o pag-enable ng Android Earthquake Alerts, para makatanggap ng babala sa

sandaling ma-detect ng mga sensor ang natatanging kilos ng seismic. Dapat siguraduhin ng mga kawani na pamilyar sila sa kung paano makakatanggap ng mga babala at tumugon dito. Ang mga segundo ay mahalaga, ito ay magpahintulot sa mga tao na makagawa ng mga kilos sa pagligtas ng buhay. Para sa MyShake App at Android Earthquake Alerts, dapat naka "Always on" ang mga serbisyo ng lokasyon para maikonekta ng teknolohiya sa malapit na mga sensor ng lupa.

Maaaring pahintulutan ng mga babala ng lindol ang ilang sadali para mailagay ang mga kagamitan sa safety mode o sa mga koneksyong reprovison para maiwasan ang pagkawala ng data. Talakayin ang mga senaryo sa staff at katrabaho para matukoy kung paano mabuting isama ang mga babala ng lindol sa kasalukuyang mga plano ng pagtugon sa emerhensya. Sa pamamagitan ng pagiging handa nang maaga, inaasahan ng California na mababawasan ang nakawawasak na resulta ng mga lindol at panatilihin ang mga taga-California at mga bisita.

Pakibisita ang [www.earthquake.ca.gov](http://www.earthquake.ca.gov) para matuto ng higit tungkol sa mga pinakabagong tool at mapagkukunan, at kung paano ito gamitin. Mag-sign up para sa isang regular na partner sa e-newsletter na may kasamang pinakabagong balita at impormasyon tungkol sa Earthquake Warning California.

### **Social Media (Mga Graphics)**

*Ang sumusunod ay maaaring isasaayos at gamitin sa personal na mga pahina ng social media o ng mga organisasyon upang tulungang ikakalat ang pagkakaalam tungkol sa Earthquake Warning California. Ang mga Hashtags (#) ay tumutulong sa iba na naghahanap ng impormasyon upang tingnan ang mga post na nagte-trending, habang ginagamit ang simbolo na tag na @ ang ibang mga organisasyon ay (gumamit ng @Cal\_OES para sa Twitter at @CaliforniaOES para sa Facebook).*

- Ang #EarthquakeWarningCA alerts ay magbibigay sa (@pangalan ng iyong org) mga tauhan at customer ng ilang ekstrang sandali para magtago bago ang #earthquake. Naghahanda kami -- ikaw? Alamin ang higit pa sa [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov).
- Pagkatapos ng #earthquake, pwedeng mamatay ang kuryente sa isang emerhensya sa kaligtasan ng publiko. Siguraduhin na bahagi ng iyong emerhensya ang mga baterya ng portable na cell phone. Bisitahin ang [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov) para sa mga tip na ihahanda.
- Maraming bagay ang makakapagpabigla sa iyo, ngunit hindi dapat ang pag-lindol. Maaaring mapanatiling ligtas ng mga mapagkukunan mula sa #EarthquakeWarningCA ang mga customer at ang kanilang pamilya sa isang emerhensya. Bumisita sa [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov).

- Paano makakatulong sa mga telekomunikasyon ang mga babala ng lindol? Nagbibigay ang #MyShake App, #AndroidAlerts, at #WEA ng mga babala ng lindol, binibigyan tayo ng panahon para ilagay ang mahalagang kagamitan sa safety mode para pwedeng magpatuloy ang komunikasyon o mabilis na ipagpatuloy. Bisitahin ang [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov) para sa mga mapagkukunan.
- Sa panahon ng emerhensya tulad ng #earthquake, pwedeng mabilis na mapuno ang mga telekomunikasyon ng mga indibidwal na tumatawag sa mga serbisyong emerhensya o mahal sa buhay. Isaalang-alang ang paggamit ng text para sa pamilya at mga kaibigan at limitahan ang paggamit ng social media at mga voice call para mapanatiling bukas ang network ng telepono para sa mga emerhensya.
- Ipinagmamalaki ng (@ Pangalan ng iyong organisasyon) na naging bahagi ng #EarthquakeWarningCA at nagbibigay sa mga taga California ng mga babala ng lindol. Matuto kung paano pwedeng makatanggap ng walang gastos na notipikasyon sa [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov).

### **E-Blast na Wika**

*Ang sumusunod ay maaaring kopyahin/i-paste sa email para sa mga komunikasyon ng mga kawani ng panloob. Mangyaring ma-isaayos kung naaangkop.*

Maaaring mangyari ang mga lindol saanman at sa anumang oras. Para makatulog na manatiling ligtas ang mga indibidwal at pamilya sa lindol, naglunsad kamakailan ang California Office of Emergency Services (Ca OES) ng kampanya ng edukasyon sa publiko para tulungang madagdagan ang kaalaman sa Earthquake Warning California. Kasama sa pagsisikap ng edukasyong ito ang pag-abot sa mga organisasyon ng mga telekomunikasyon sa buong California para matulungan ang staff tungkol sa teknolohiya na makakatulong sa kanilang manatiling ligtas sa lindol at potensyal na gumawa ng hakbang para maiwasan ang mga pangalawahing panganib, tulad ng pagbagsak ng mga linya ng komunikasyon.

Ang [Earthquake Warning California](#) na kampanya "Don't Get Caught Off Guard" ay isang buong estado na pagsisikap na edukasyon upang tulungan ang publiko na matuto tungkol sa mga tool at mga mapagkukunan ng babala sa lindol. Ang Cal OES, sa pakikipagtulungan ng California Integrated Seismic Network Partners mula sa United States Geological Survey (USGS), University of California - Berkeley (UCB), California Institute of Technology (CalTech), at California Geological Survey (CGS) ay naglunsad ng kauna-unahang State Earthquake Early Warning System sa bansa noong Oktubre 2019. Gumagamit ang system ng mga sensor sa paggalaw ng lupa at sensor sa mga smartphone para ma-detect ang lindol bago maramdaman ng mga tao ito at maglalabas ng ShakeAlert® na mensahe sa oras din na iyon para pwede silang magtago bago mangyari ang pagyanig. Ang babala ng lindol ay magbibigay ng

karagdagang mga segundo sa pagliligtas ng buhay sa mga tao na Dumapa, Magtago, at Mag-antabay.

Ang mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California ay kabilang ang:

- Ang impormasyon tungkol sa pagbuo ng plano sa emerhensya
- Kung paano mapoprotektahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya bago, sa panahon at matapos ang lindol
- Ang Android Earthquake Alerts ay nabuo sa pakikipagsosyo ng Cal OES at USGS
- Ang MyShake App -- ay isang app ng smartphone na nabuo sa pakikipagsosyo ng Cal OES at UC Berkeley na makapagbigay sa mga user ng ilang mga segundo ng notipikasyon na ang pagyayanig ay halos mangyayari na
- Ang Wireless Emergency Alerts (WEA) -- ay libreng mga notipikasyon na inihatid sa mga cell phone sa mga sitwasyon ng emerhensya
- Ang impormasyon para sa mga organisasyon ng telekomunikasyon na magplano para sa pagliligtas-buhay na pagkilos sa panahon ng alerto, tulad ng pagpapabagal ng sistema ng mass transit, pagtigil sa pag-andar ng kagamitan o pagdadala sa elevator sa emerhensyang paghinto
- Ang mga link ng California Integrated Seismic Network Partners para sa karagdagang impormasyong teknikal at sistema

Hinihimok namin ang lahat ng mga kawani na i-check ang mga mapagkukunan sa [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov) para mapanatiling ligtas ang kanilang sarili at ang kanilang pamilya. Pagsasamahin din namin ang mga babala ng lindol sa kasalukuyang pagpapalano sa emerhensya ng lindol. Kung posible at ligtas na gawin, dapat mabilis na kumilos ang mga kawani na patayin ang mga malalaking makinarya at pumunta sa ligtas na lugar kapang naglabas ng babala ng lindol. Dapat siguraduhin ng mga team na nasa site na makilala nilang mabuti ang mga potensyal na panganib ng maaga, tulad ng kagamitan na pwedeng patibayin o iturnilyo, at gumawa ng mga hakbang para mabawasan ang mga panganib.

Maaari ka rin mag-sign up upang makatatanggap ng buwanang mga e-newsletter na may pinakahuling mga balita at impormasyon tungkol sa mga babala ng lindol, bagong mga materyales, virtual na mga pagpapakita, mga post sa social media, at ibang mga mapagkukunan sa website ng Cal OES'. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang [earthquake.ca.gov](http://earthquake.ca.gov) o mag-email sa [earthquakeinfo@caloes.ca.gov](mailto:earthquakeinfo@caloes.ca.gov).